# Gabay sa pagtaguyod ng isang multicultural society para sa matiwasay na pagsasamahan ng iba't-ibang kultura sa siyudad ng Kawasaki

## 川崎市多文化共生社会推進指針

## Gawing pakay ang pagkakaroon ng isang komunidad kung saan maaring magsama ng matiwasay ang bawat isa

－共に生きる地域社会をめざして－

Kawasaki's Promotion Guideline
for a Multicultural, Harmonious Society

◆◆◆

川崎市多元文化共生社会推进方针

◆◆◆

Diretrizes de promoção de Kawasaki para uma
sociedade multicultural e harmoniosa

◆◆◆

Guía de Promoción de Kawasaki para una
Sociedad Multicultural y Armoniosa

◆◆◆

카와사키시 다문화 공생사회 추진 지침

◆◆◆

Gabay sa pagtaguyod ng isang multicultural
society para sa matiwasay na pagsasamahan ng
iba't-ibang kultura sa siyudad ng Kawasaki

◆◆◆

Chính sách thúc đẩy xã hội cộng sinh đa văn hóa
thành phố Kawasaki

**isang outline**

**概要版（フィリピノ語）**

Marso 2024

**Siyudad ng Kawasaki**


川崎市

# Ang sitwasyon ng mga dayuhang residente

Ang populasyon ng mga dayuhang residente sa siyudad na ito sa katapusan ng Disyembre 2023 ay nasa 50,794, na sumasakop sa 3.29% ng kabuuang populasyon ng siyudad. Bukod dito, nagiging mas diverse ang mga bansang pinagmulan at dahilan ng pagpunta sa Japan bawat taon, at 145 na ang bilang ng mga nasyunalidad at rehiyon.

Hanggang sa bandang 1980, karamihan sa mga dayuhang residente sa siyudad ay mga South / North Korean residents na tumanggap ng special permanent residence status dahil sa kanilang historical background. Mula noon, bumilis ang daloy ng tao at kalimitan ay tumatawid sa mga national borders sanhi ng pag-usbong ng globalisasyon. Bukod pa rito, nagkaroon rin ng mga pagbabagong ginawa sa Immigration Control and Refugee Recognition Act sa 1990, kaya iba't-ibang tao mula sa iba't-ibang bansa sa buong mundo na may iba't-ibang visa status, ang pumunta sa Japan upang manirahan sa iba't-ibang lugar sa loob ng siyudad.

Bilang karagdagan, dumarami ang mga Japanese national na may diverse na kultural na pinagmulan at koneksyon sa ibang bansa, tulad ng mga ipinanganak mula sa mga international marriage o mga bumalik mula sa ibang bansa. Higit pa rito, sa mga nakalipas na taon, habang dumarami ang mga permanent resident at mga may visa para sa Engineer/Specialist in Humanities/International Services, dumarami rin ang mga may visa para sa Spouse or Child of Permanent Resident at Dependent, kaya nagiging mas karaniwan ang paninirahan ng mga dayuhang residente sa pamamagitan ng pagsama sa kanilang pamilya.




Mula noong dekada 1990, malaki ang pagtaas ng populasyon ng mga dayuhang residente sa siyudad. Bagaman pansamantalang bumaba ito sa nakalipas na mga taon dahil sa COVID-19, muli itong tumataas, at mula noong nakaraang rebisyon ng mga polisya noong Hunyo 2015 kung saan mayroong 31,959 na dayuhang residente, nadagdagan ito ng humigit-kumulang 18,800 katao sa nakalipas na 8 taon, o humigit-kumulang 1.6 beses na pagtaas.

**Mga dayuhang residente**

Sa siyudad ng Kawasaki, ang bawat dayuhang residente ay itinuturing na isang mahalagang bahagi ng komunidad at sa katunayan ay ginamit ang salitang Foreign City Resident sa paglalarawan sa kanila mula noong ipinatupad ang Kawasaki City Representative Assembly for Foreign Residents Ordinance sa taong 1996.

Ang pangalang ito ay hindi lamang sumasakop sa mga residenteng mula sa ibang bansa kundi pati mga Hapon na may kaugnayan sa ibang bansa (tulad ng mga ipinanganak sa pagitan ng mga magulang na magkaiba ang lahi o international marriage, mga bumalik mula sa China at mga nakakuha ng Japanese nationality).

# Gabay sa pagtaguyod ng isang multicultural society para sa matiwasay na pagsasamahan ng iba't-ibang kultura sa siyudad ng Kawasaki

## Pangunahing layunin: upang magkaroon ng isang lipunang magbibigay-daan sa matiwasay na pagsasamahan ng iba't-ibang kultura

Sa paggalang sa mga pagkakaiba sa nasyonalidad, lahi at kultura, inaasahang makamit ang isang lipunang magbibigay-daan sa matiwasay na pagsasamahan ng iba't-ibang kultura kung saan tinatanggap ng lahat ang isa't-isa, ginagalang ang karapatan ng tao at nagagawang mamuhay ng matiwasay sa piling ng iba bilang isang independent citizen o mamamayan.

## Pangunahing adhikain

**(1) Paggalang sa karapatan ng tao**

Sa pagsunod sa mga patakaran at iba pa, na itinakda sa iba't-ibang bansa kaugnay sa karapatan ng tao, sisikaping itaguyod ang mga patakarang kinabibilangan ng mga dayuhang residente na may iba't-ibang cultural background, upang maiwasan ang "discrimination" o paglabag sa kanilang karapatan bilang tao.

**(2) Pagtaguyod sa pagsali ng mga dayuhang residente sa lipunan**

Sisikaping itaguyod ang pagsali ng mga dayuhang residente sa lipunan upang mapakinabangan nila ng husto ang kanilang taglay na individual skills o galing, pagsali sa iba't-ibang gawain at makibahagi sa pagpapaunlad ng siyudad bilang mga residente nito.

**(3) Suporta upang tulungang tumayo sa sarili ang mga dayuhang residente**

Sisikaping tulungan ang mga dayuhang residenteng nahihirapan sa araw-araw na pamumuhay sanhi ng pagkakaiba sa kultura at kahinaan sa pagsasalita ng wikang Hapon, upang magawang tumayo sa sarili at sumali sa mga gawain sa kanilang komunidad habang pinapanatili ang kanilang mga cultural identity.

## Pangunahing direksiyon sa pagtataguyod ng patakaran

### 1 Pagpapabuti sa mga serbisyong kaugnay sa pangangasiwa

(1) Pagbibigay ng serbisyong kaugnay sa pangangasiwa
(2) Pagbibigay ng mga impormasyon at konsultasyon
(3) Sistema ng pensiyon
(4) Kalusugan / pagpapagamot
(5) Welfare
(6) Pabahay
(7) Pagpigil sa kapahamakan

### 2 Pagtaguyod sa multicultural education

(1) Garantisadong pagpasok sa paaralan at suporta sa pag-aaral
(2) Edukasyong nagbibigay-daan sa pagkakaroon ng paggalang o respeto sa pagkakaiba ng bawat isa
(3) Suporta sa pag-aaral mula sa komunidad
(4) Suporta para sa pamilya

### 3 Pagtaguyod sa pagsali ng mga dayuhang residente sa lipunan

(1) Pagsali sa pangangasiwa ng siyudad
(2) Gawain ng mga dayuhang residente atbp. sa komunidad

### 4 Paglikha ng isang lipunang nagbibigay-daan sa matiwasay na pagsasamahan

(1) Pagtaas sa awareness o kabatiran ng mga residente sa siyudad
(2) Pagtaas sa awareness o kabatiran ng mga empleyado sa siyudad
(3) Pagbibigay ng trabaho sa dayuhang residente sa siyudad
(4) Pagtaas sa awareness o kabatiran ng mga employers o nangangasiwa
(5) Paggamit sa Kawasaki International Center
(6) Pagbuo ng isang multikultural na lipunan sa komunidad

### 5 Pagpapabuti sa sistema ng pagpapatupad sa mga pamamaraan para sa pagtaguyod ng mga patakaran

(1) Pagpapabuti sa organisasyong kaugnay sa pangangasiwa
(2) Pakikipagtulungan sa kaugnay na tanggapan o institusyon, mga volunteer groups at iba pa
(3) Pagkilos upang hikayatin ang pambansang pamahalaan at iba pa

# Mga detalye ukol sa pagpapatupad o pagtataguyod ng mga patakaran

## 1 Pagpapabuti ng mga serbisyong kaugnay sa pangangasiwa

Sisikaping isagawa ang pagpapabuti sa mga patakaran at katiwasayan ng paligid, kabilang ang paggamit ng ICT, upang maipagkaloob sa mga dayuhang residente ang naaangkop na impormasyon at serbisyong kinakailangan upang mapanatili ang kanilang kalusugan, kaligtasan at katiwasayan sa pamumuhay.

### (1) Pagbibigay ng serbisyong kaugnay sa pangangasiwa

1. Sa pagsagawa ng mga patakaran, bibigyang pansin ang kapakanan ng mga dayuhang residente upang maibahagi ang nararapat na serbisyong ipinagkakaloob ng siyudad.
2. Sisikaping magbigay ng impormasyon tungkol sa Residence Management System at Basic Residents' Registry System na may kaugnayan sa mga dayuhang residente upang mapalalim ang pag-unawa ng mga dayuhang residente at mga kaugnay na ahensya sa mga ito.
3. Sisikaping intindihin ang mga isyu sa serbisyong administratibo na may kaugnayan sa Residence Management System, alamin ang sitwasyon at kung kinakailangan ay hingin ang suporta ng pamahalaan.

### (2) Pagbibigay ng mga impormasyon at konsultasyon

1. Gamit ang ICT, sisikaping isagawa ang pagpapabuti sa pamamaraan ng pagbahagi ng impormasyon, tulad ng pagbibigay-daan sa pagkakaroon ng impormasyong nakasalin sa iba't-ibang wika, paggamit ng <Simpleng Japanese>, at pagpapabuti sa mga Information Service Counter para sa mga dayuhang residente.
2. Sisikapin din na isagawa ang pagpapabuti sa sistema ng konsultasyon para sa mga dayuhang residente.

### (3) Sistema ng pensiyon

1. Upang itaguyod ang pagsali sa pension plan, sisikaping isagawa ang pagpapabuti sa mga public relations activity kaugnay sa sistema ng pensiyon, kasali ang programa para sa lump-sum withdrawal.
2. Makipagtulungan sa mga kompanya ukol sa pagsali ng mga dayuhang empleyado sa pension plan.
3. Hihikayatin ang pamahalaan ukol sa pagbigay ng suporta sa mga taong walang pensiyon o isagawa ang pagpapabuti sa sistema ng lump-sum withdrawal.

### (4) Kalusugan / pagpapagamot

1. Sisikaping ibahagi ang mga dokumentong nakasalin sa iba't-ibang wika na maaring gamitin sa pagbisita sa mga pagamutan.
2. Sisikaping isagawa ang pagpapabuti sa Mother and Child Health Program para sa mga dayuhang residente.
3. Sisikaping isagawa ang mga promotional campaign ukol sa pagpigil ng mga sakit at pagpapanatili sa kalusugan ng mga dayuhang residente.
4. Palalawakin ang mga public relations activity para sa sistema ng Health Insurance upang hikayatin o itaguyod ang pagpasok sa Health Insurance.
5. Makikipagtulungan sa mga kompanya upang itaguyod ang pagpasok ng mga dayuhang empleyado sa Health Insurance Plan.
6. Pag-iisipan ang mga nararapat gawin para sa mga gastos sa pagpapatingin sa mga pagamutan ng mga taong hindi kasali sa Health Insurance at iba pa.
7. Makikibahagi sa pangangasiwa ng programang isinasagawa ng Kanagawa Prefecture kaugnay sa sistema ng pagpapadala ng mga Medical Interpreters at sisikaping mapabuti ang Medical Interpretation.
8. Hihikayatin ang pamahalaan na isagawa ang pagpapabuti sa sistema ng Health Insurance.

### (5) Welfare

1. Masigasig na isasagawa ang mga public relations activity para sa welfare services.
2. Para sa mga kabataang nasa Nursery School, sisikaping itatag ang nararapat na kapaligiran para sa pagaalaga ng bata, kung saan binibigyang pansin ang mga pagkakaiba sa wika at pamumuhay.
3. Sisikaping isagawa ang pagpapabuti sa mga programa ukol sa Elderly Foreign Residents Welfare Allowance at Physically / Mentally Disabled Foreign Resident Welfare Allowance.
4. Makikipagtulungan sa mga nagbibigay ng serbisyo upang siguruhing mabigyan ng pansin ang pagkakaiba sa wika at pamumuhay sa panahon ng pagbigay ng welfare / nursing care service sa mga taong may kapansanan o mga matatanda na nangangailangan ng nursing care.

5. Sisikaping isagawa ang pagpapabuti sa mga programa kaugnay sa pagpigil ng domestic violence sa kaso ng mga dayuhan at pagbigay ng suporta sa mga biktima nito sa ilalim ng "Kawasaki City DV Prevention / Victim Support Basic Plan".

### (6) Pabahay

1. Sisikaping isagawa ang pagpapabuti sa sistema ng konsultasyon habang isinasagawa ang mga gawaing kaugnay sa public relations para sa Kawasaki Basic Housing Regulation and Tenant Support System.
2. Sisikaping tanggalin ang racial discrimination na nangyayari tuwing uupa ang dayuhang residente ng isang pribadong pabahay at sisiguruhin na may sapat na pabahay para sa mga dayuhang residente.

### (7) Pagpigil sa kapahamakan

1. Sisikaping isagawa o itatag ng isang sistema na kung saan maaring tanggapin ng dayuhang residente ang nararapat na impormasyon at serbisyo habang sinisiguro na hindi magkakaroon ng discrimination sa oras ng kapahamakan o kalamidad.
2. Sisikaping lumikha ng isang kapaligirang magpapadali para sa mga dayuhang residente na makilahok sa pamamahala ng mga evacuation center sa oras ng kapahamakan o kalamidad.
3. Sisikaping pataasin ang awareness o kabatiran sa mga dayuhang residente ukol sa pagpigil ng kapahamakan sa pamamagitan ng pagbahagi ng nararapat na impormasyon sa iba't-ibang wika.
4. Bilang paghahanda sa isang kapahamakan, patitibayin ang kooperasyon o pakikipagtulungan sa mga citizens groups, volunteer groups at iba pa.

## 2 Pagtaguyod sa multicultural education

Itataguyod ang isang edukasyon na makakatulong upang makatayo sa sarili at magkaroon ng paguunawaan ang lahat ng mga residente habang sinisiguro sa lahat ng kabataan ang karapatang tumanggap ng edukasyon at magkaroon ng paggalang o respeto sa kultura ng "minority" sa lipunan, at sisikaping bumuo ng isang epektibong sistema ng suporta sa pag-aaral.

### (1) Garantisadong pagpasok sa paaralan at suporta sa pag-aaral

1. Sisiguruhin ang karapatan ng mga batang nasa sapat na gulang para mag-aral, na pumasok sa paaralan at itatag ang isang learning environment para sa lahat ng mga kabataan gamit ang ICT.
2. Sisikaping isagawa ang pagpapabuti sa sistema ng konsultasyong kaugnay sa lahat ng panig o larangan ng edukasyon, tulad ng pagpasok sa paaralan, pag-aaral at pag-angat patungo sa higher education.
3. Sisikaping isagawa ang mga pagpapabuti sa mga study support program para sa mga batang mag-aaral na nangangailangan ng pagtuturo sa wikang Hapon, upang makamit ang kinakailangang abilidad sa pagsasalita o language skills na kakailanganin nila sa pag-aaral sa klase at ng mga subject at sa pang-araw-araw na pamumuhay.

### (2) Edukasyong magbibigay-daan sa pagkakaroon ng paggalang o respeto sa pagkakaiba ng bawat isa

1. Itataguyod ang isang multicultural education na magbibigay-daan sa pagtanggap at paggalang sa isa't-isa, sa pagitan ng mga dayuhang residente at mga Hapon.
2. Sisikaping itatag ang isang environment o paligid kung saan napapabuti ng mga minority ang sariling "identity" habang pinapanatili ang kultura at wika ng bansang pinanggalingan.
3. Itataguyod ang mabuting pakikipag-ugnayan o friendly exchanges sa mga foreign schools sa lokalidad at ipagkakaloob ang suporta para sa mga paaralang ito.
4. Bilang layunin, sisikaping isagawa ang pagpapabuti sa mga pagsasanay na isinasagawa para sa mga guro kaugnay sa multiculturalism at karapatan ng tao.

### (3) Suporta sa pag-aaral mula sa komunidad

1. Sisikaping isagawa ang pagpapabuti sa study support programs, kasali ang mga programang kaugnay sa pagtuturo ng wikang Hapon.
2. Itataguyod ang mga gawaing magbibigay-daan sa pag-unawa ng mga dayuhang residente sa lipunan ng bansang Hapon, ang mga sistema nito at kultura.

### (4) Suporta para sa pamilya

1. Ipagkakaloob ang mga impormasyon at suporta habang binibigyang konsiderasyon ang sitwasyon o lagay sa panig ng mga dayuhang magulang.

2. Makikipagtulungan sa mga pamilya nang may pag-unawa at paggalang o respeto sa wika at kultura ng bawat isa.

## 3 Pagtaguyod sa pagsali ny mga dayuhang residente sa lipunan

Sisikaping itatag ang isang paligid o environment kung saan maaring sumali ang mga dayuhang residente sa pangangasiwa ng siyudad at pagtaguyod ng mga pamamaraan upang siguruhing makasali sila sa iba't-ibang gawain at sa gayon ay mapakinabangan ang kanya-kanyang galing bilang mga miyembro ng komunidad.

### (1) Pagsali sa pangangasiwa ng siyudad

1. Sisikaping itaguyod ang mga gawain ng Representative Assembly para sa mga dayuhang residente at ipahayag ang kanilang mga opinyon sa mga patakaran ng siyudad.
2. Itatatag ang isang sistema kung saan ang mga dayuhang residente ay maaring sumali ng sama-sama sa City Assembly atbp.
3. Sa pangangasiwa o operasyon ng Residents' Voting System, sisikaping magkaroon ng isang environment na kung saan madaling sumali ang mga dayuhang residente sa pagboto.
4. Sa tulong at kooperasyon ng ibang munisipalidad, hihikayatin ang pambansang pamahalaan na kilalanin ang karapatang bumoto sa lokal na eleksiyon.

### (2) Gawain ng mga dayuhang residente atbp. sa komunidad

1. Sisikaping tawagan ang mga town councils, community associations at PTA upang tanggapin ang mga dayuhang residente bilang miyembro at magkaroon ng pag-uunawaan at mabuting pag-uugnayan sa isa't-isa.
2. Itatatag ang isang paligid o environment na magpapadali para sa mga foreign resident groups, resident groups at iba pa, na makilahok sa mga lokal na aktibidad.

## 4 Paglikha ny isang lipunang magbibigay-daan sa matiwasay na pagsasamahan

Upang maitatag ang isang lipunang magbibigay-daan sa paggalang o pagrespeto ng lahat ng residente sa isa't-isa at magkasamang mamuhay ng matiwasay, itataguyod ang pagtatag ng mga local community na bukas para sa lahat, habang sinasagawa ang mga awareness program para sa mga residente ng siyudad, nangangasiwa ng siyudad at mga kalakal.

### (1) Pagtaas sa awareness o kabatiran ng mga residente sa siyudad

1. Sisikaping itaas ang awareness o kabatiran ng mga residente upang tanggalin ang discrimination at sa gayon ay magawang igalang ang isa't-isa, kahit may pagkakaiba sa nasyonalidad, lahi at kultura.
2. Isasagawa ang mga public relations activities at awareness programs kaugnay sa pagkakaroon ng multicultural thinking o pag-iisip para sa mga city resident groups at volunteer groups.
3. Sisikaping itaguyod ang mga cultural exchange programs sa mga lokal na komunidad upang matutunan ng mga residente ng siyudad ang iba't-ibang kultura at lubos na makilala ang isa't-isa sa pamamagitan ng mga gawaing kaugnay sa kultura at sining.

### (2) Pagtaas sa awareness o kabatiran ng mga empleyado sa siyudad

1. Pagbubutihin ang mga training programs para sa mga empleyado ng siyudad at mga guro upang maitaas ang awareness o kabatiran ukol sa karapatan ng tao at multiculturalism.
2. Sisikaping itaas ang awareness o kabatiran sa mga empleyado ng siyudad upang maisagawa nila ang kanilang trabaho habang binibigyang pansin ang mga dayuhang residente.

### (3) Pagbibigay ng trabaho sa dayuhang residente sa siyudad

1. Pag-iisipan ang paraang gagamitin ng siyudad sa pagbigay ng trabaho sa mga dayuhang residente o pagtakda sa kanilang mga trabaho sa pakikipagtulungan at kooperasyon ng ibang munisipalidad.
2. Gawing isang pakay o layunin ang paglikha ng isang lipunang kinabibilangan ng iba't-ibang lahi na matiwasay na namumuhay, isasagawa ang pagbigay ng trabaho sa mga dayuhang residente bilang mga fiscal year appointment staff at iba pa.

### (4) Pagtaas sa awareness o kabatiran ng mga employers o nangangasiwa

1. Itaas ang awareness o kabatiran ng mga employer o kompanya upang maisagawa ng mga ito ang nararapat na mga hiring practices at tanggalin ang anumang discrimination sa mga dayuhang residente sa bahagi ng pagbigay ng trabaho at sa ilalim ng mga labor conditions.
2. Magsumikap sa public relations at pagtataas ng kamalayan upang mas maintindihan ng mga negosyo ang kahalagahan ng kanilang papel sa pagsulong ng isang multikultural na lipunan.
3. Susuportahan ang mga on-site training programs upang itaas ang kabatiran.

### (5) Paggamit sa Kawasaki International Center

1. Sisikaping itaguyod ang paggamit sa Kawasaki International Center at pagbutihin ang mga programang nakatuon sa multiculturalism.
2. Susuportahan ang pagpapalawak ng consultation services ng One-stop comprehensive consultation center for multicultural coexistence, at ng translation at interpretation services na isinasagawa ng Kawasaki International Association.
3. Sa tulong ng Kawasaki International Association, isakatuparan ang isang multikultural na lipunan at itataguyod ang mga international exchange at kooperasyon na pinangungunahan ng mga residente ng siyudad sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga gawain ng mga city resident groups na tumutupad sa isang multikultural na lipunan at nagsasagawa ng mga international exchange at kooperasyon.
4. Sa tulong ng Kawasaki International Association, isasagawa ang pagpapabuti sa suporta para sa mga dayuhang mag-aaral sa pamamagitan ng pinansiyal na suporta, konsultasyon ukol sa pabahay at iba pa, habang itinataguyod ang mabuting pag-uugnayan ng mga dayuhang mag-aaral at mga residente ng siyudad.
5. Isulong ang pakikipagtulungan sa pagpapalakas ng sistema ng Kawasaki International Association.

### (6) Pagbuo ng isang multikultural na lipunan sa komunidad

1. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng kapaligiran para sa mga mamamayan na makisali sa mga boluntaryong aktibidad at lumikha ng isang lugar na maaari nilang kabilangan, susuportahan ang pagbuo ng isang multikultural na lipunan kung saan ang mga dayuhan at Japanese na mamamayan ay maaaring magtulungan sa komunidad.

## 5 Pagpapabuti sa sistema ng pagpapatupad sa mga pamamaraan para sa pagtaguyod ng mga patakaran

Upang isagawa ang malawakang pagtataguyod ng mga patakarang kaugnay sa mga dayuhang mag-aaral, isasagawa ang pagpapabuti sa mga alliance at alignment function sa loob ng administrasyon, pagsulong sa pagtatag ng isang base para sa pagtupad ng mga patakaran, pakikipagtulungan sa mga residente ng siyudad at mga kaugnay na tanggapan at mga grupo at paghikayat sa pambansang pamahalaan at iba pang institusyon ukol sa pagpapabuti sa iba't-ibang sistema.

### (1) Pagpapabuti sa organisasyong kaugnay sa pangangasiwa

1. Isasagawa ang pagpapabuti sa mga alliance at alignment function sa pagitan ng mga departamento, lalung-lalo na sa loob ng buong city assembly upang tulungang itaguyod ang mga patakaran.
2. Sa pamamagitan ng isang matibay na kaugnayan sa pamahalaan ng ibang siyudad at sa Kanagawa Prefectural Government sa pakikipagpalitan ng impormasyon, napapalalim ang kaalaman o kabatiran sa mga bagay na kaugnay sa policy development.
3. Susubaybayan ang takbo o lagay ng mga patakaran o polisa at susuriin ang mga ito base sa mga guidelines.
4. Upang alamin ang takbo ng isang multicultural society at pakinabangan ang mga programang ipinapatupad sa ilalim nito, sisikaping gawin ang regular na pagsusuri (livelihood & awareness survey) para sa mga dayuhang residente ng siyudad.
5. Pag-iisipan ang mga hakbang na dapat gawin upang lutasin at pigilan ang mga kaso ng discrimination at paglabag sa karapatan ng mga dayuhang residente.
6. Batay sa mga pangangailangan ng mga dayuhang residente at sa mga heograpikal na katangian, bubuuin at gagamitin ang mga lokasyon para sa pagsulong ng multikultural na pagkakaisa tulad ng Kawasaki Multicultural Plaza.

### (2) Pakikipagtulungan sa kaugnay na tanggapan o institusyon, mga volunteer groups at iba pa.

1. Sa tulong at kooperasyon ng mga diverse na entidad, isusulong ang mga polisiyang multikultural.

### (3) Pagkilos upang hikayatin ang pambansang pamahalaan at iba pa.

1. Hihilingin sa pambansang pamahalaan at sa Kanagawa Prefectural Government ang pagpapabuti sa mga batas at sistemang kaugnay sa araw-araw na pamumuhay ng mga dayuhang residente.

# Tunglol sa "Gabay sa pagtaguyod ng isang multicultural society para sa matiwasay na pagsasamahan ng iba't-ibang kultura sa siyudad ng Kawasaki"

Nang ipinatupad ng siyudad ng Kawasaki ang sistema ng munisipyo noong 1924, ang populasyon nito ay humigit-kumulang 50,000, ngunit ngayon ay lumampas na ito sa 1.54 milyon. Maraming tao mula sa iba't ibang bansa at rehiyon, kabilang ang Japan, ang lumipat sa siyudad na ito, at ito ay umunlad bilang isang siyudad ng diversity sa pamamagitan ng pagpapalitan ng magkakaibang kultura. Ang siyudad ay maagang nagtaguyod ng mga polisiya para sa mga dayuhang residente, at noong 2005, pinasimunuan ng siyudad ang pagbuo ng "Gabay sa pagtaguyod ng isang multicultural society para sa matiwasay na pagsasamahan ng iba't-ibang kultura sa siyudad ng Kawasaki" sa bansa, at nagsusumikap ito na maisakatuparan ang isang "multikultural na lipunan." Batay sa pagdami at pag-iiba-iba ng mga dayuhang residente pagkatapos ng ikalawang pagrebisa ng mga polisiya noong 2015, mga pambansang kilusan tulad ng "Comprehensive Measures for Acceptance and Coexistence of Foreign Nationals," mga pagbabago sa kalagayan ng lipunan tulad ng mga SDG, mga talakayan sa Konseho ng pagtaguyod ng isang multicultural society para sa matiwasay na pagsasamahan ng iba't-ibang kultura sa siyudad ng Kawasaki, at ang resulta ng 2019 na survey ng siyudad ng Kawasaki tungkol sa kamalayan ng mga dayuhang residente, isinagawa ang ikatlong pagrebisa upang suriin ang direksyon ng siyudad sa hinaharap. Nais ng siyudad ng Kawasaki na ipagpatuloy ang mga pagsusumikap na ginawa nito hanggang ngayon, pahalagahan ang halaga ng diversity, gamitin ang potensyal nito, at lumikha ng isang kaakit-akit na siyudad kung saan ang lahat ng mamamayan ay maaaring ipahayag ang kanilang mga indibidwal na kakayahan bilang mga lider ng isang multikultural na lipunan, at mabuhay nang kumportable.

Ang "Gabay sa pagtaguyod ng isang multicultural society para sa matiwasay na pagsasamahan ng iba'tibang kultura sa siyudad ng Kawasaki", ay maaaring tingnan sa website ng siyudad, Kawasaki Information Plaza, sa documents corner at mga aklatan ng bawat ward o distrito.

**"Gabay sa pagtaguyod ng isang multicultural society para sa matiwasay na pagsasamahan ng iba't-ibang kultura sa siyudad ng Kawasaki" — Gawing pakay ang pagkakaroon ng isang komunidad kung saan maaaring magsama ng matiwasay ang bawat isa (isang outline)**

KAWASAKI CITY

Binago: 2023

Kawasaki City Citizens' and Cultural Affairs Bureau,
Citizens' Affairs Department, Multicultural Promotion Section

1 Miyamotocho, Kawasaki-ku, siyudad ng Kawasaki
Tel: 044-200-2846 Fax: 044-200-3707 E-mail: 25gaikok@city.kawasaki.jp